



Pagsusuri ng Balat sa pamamagitan ng

(Tuberculin Skin Test)

TUBERKULIN

Ano ang pagsusuri ng balat sa pamamagitan ng tuberkulin (pagsusuri ng balat para malaman kung may TB)?

Ginagamit ang isang pagsusuri ng balat upang malaman kung may mga mikrobyo ng tuberkulosis (TB) sa iyong katawan. Hindi ito nagtataglay ng mga mikrobyo ng TB, kaya hindi ito makakapagbigay sa iyo ng TB.

Ang pagsusuri ba ng balat para malaman kung may TB ay isang imunisasyon?

Hindi, ito ay hindi isang imunisasyon. Hindi nito pinipigilan na magkaroon ng impeksyon ng TB o sakit na TB ang mga tao.

Kailan ko kinakailangang magpasuri ng balat para malaman kung may TB?

Ito ay isang mahalagang pagsusuri kapag nahantad ka kamakailan sa isang taong may sakit na TB. Ito ay ginagamit din kapag iniisip ng iyong manggagamot na maaaring may impeksyon ka ng TB mula sa mga nakaraang pagkahantad na hindi mo nalalaman.

Paano ginagawa ang pagsusuri ng balat para malaman kung may TB?

Isang maliit na iniksiyon ang ibinibigay sa pagitan ng dalawang pang-itaas na patong ng balat sa iyong braso, sa ilalim ng iyong siko. Dapat kang bumalik sa iyong manggagamot 48 hanggang 72

oras pagkatapos ng pagsusuri upang masalat at matingnan nila ang iyong braso para mabasa ang result ng pagsusuri.

Bakit mahalagang bumalik para sa pagbabasa?

Kailangan ng manggagamot na malaman kung ikaw ay may impeksyon ng TB sa pamamagitan ng paghahanap ng matigas na bukol sa iyong braso at pagsukat dito, o upang matiyak na walang bukol. Ang eksaktong sukat ng pagsusuri ay lubhang mahalaga upang malaman kung ang mga mikrobyo ng TB ay nasa iyong katawan.

Saan ako maaaring magpasuri ng balat para malaman kung may TB?

Ang iyong manggagamot o ang Programa sa Pagkontrol ng TB ng Ahensiya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ay makakapagbigay sa iyo ng pagsusuri ng balat para malaman kung may TB. Ang mga pasyente ay maaaring pumasok nang walang pakikipagtipan tuwing Miyerkoles sa pangunahing klinika para sa TB. Para sa ibang mga klinika at mga oras, tawagan ang pangunahing klinika para sa TB sa numero sa ibaba. Hindi ka pagkakaitan ng serbisyo kahit hindi makabayad para sa pagsusuri (maliban kung ang pagsusuri ay isang kondisyon ng iyong pagtatrabaho o pagkuha ng lisensiya). Ang pagsusuri ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang na \$10 sa mga klinika ng county.

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung narapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na « collect. »